

Ika-1 ng Disyembre, taong 2020  
Immigration Service Agency of Japan

Para sa mga dayuhang nais magtrabaho (ng part-time) dahil hindi nakakabalik sa sariling bansa dahil sa COVID-19 at nahihirapang mapanatili ang kabuhayan nila sa Japan.

Napagpasyahan na maaaring magtrabaho (ng part-time) sa loob ng 28 na oras bawat linggo ang mga dayuhang hindi nakakabalik sa kanilang sariling bansa o sa lugar na kanilang tinitirahan dahil sa COVID-19 at nahihirapang mapanatili ang kanilang kabuhayan sa Japan.

Ang mga nais magtrabaho (ng part-time) at natutugunan ang 2 kinakailangan sa ibaba ay mangyari lamang na magproseso ng Aplikasyon sa Pahintulot para sa mga Aktibidad sa Labas ng Katayuan sa lokal na tanggapan ng Imigrasyon.

1 Aplikasyon sa Pahintulot para sa mga Aktibidad sa Labas ng Katayuan (Mangyaring tingnan dito para sa mga detalye.)

2 Mga kinakailangan

- (1) Hindi pinapayagang magtrabaho sa pamamagitan ng kasalukuyang katayuan ng pananatili
- (2) Nahihirapang bumalik sa sariling bansa
- (3) Nahihirapang mapanatili ang kabuhayan hanggang makaalis ng bansa sa kadahilanan na walang maaasahang tulong mula sa mga kamag-anak na nasa Japan o kinabibilangang institusyon, o sa ibang dahilan.

3 Mga dokumentong isusumite

- (1) Application form sa Pahintulot para sa mga Aktibidad sa Labas ng Katayuan

- (2) Dokumentong nagpapatunay na makatuwiran ang dahilan kung bakit nahihirapang bumalik sa sariling bansa (Hindi ito kailangang isumiteng muli kapag isinumite na ito sa pinakahuling aplikasyon para sa pahintulot ng pagbabago ng katayuan ng pananatili atbp.)
- (3) Dahilan (Mangyaring tingnan dito para sa sample ng dahilan.)